LUNGSOD NG CALAMBA 1742 LAGUNA 2001

CALAMBALITA

Vol. 4 No. 001 March 2, 2020 Bilang 32

# COVID-19 AY MAIIWASAN NASA ATING MGA KAMAY ANG KALIGTASAN

Puspusan ang ginagawang pag-iingat ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamamahala ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco, Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal at Sangguniang Panglunsod upang maiwasan ang pagkakaroon ng Novel Corona Virus or COVID-19 acute respiratory diseases sa lungsod. Una ng ipinatawag si Dr. Adelino Labro, City Health Services Officer kasama ang lahat ng medical staff upang mapag-aralan kung anong mga dapat gawing pag-iingat para maiwasan ang pagkalat nito. Kasunod ang pagpapatawag sa lahat ng namumuno sa bawat departamento.

Matapos ang mga pagpupulong, agarang ipinag-utos ni Mayor Timmy ang pagpapakalat ng impormasyon sa pamamagitan ng radyo, mga flyers at social media ang mga paalala at mga pamamaraan upang maiwasan ang naturang sakit.

Inumpisahan din ang pamimigay ng mga surgical mask at ipinatupad din ang mandatory body temperature check sa lahat ng papasok sa mga paaralan gayundin ang lahat ng papasok ng city hall na pinangungunahan ng Calamba City Health Office at Public Order Safety Office sa pamamahala ni Mr. Jeffrey Rodriguez. *-Marivic Balba*



PHOTO: CTTO FACEBOOK PAGE



PHOTO: CTTO FACEBOOK PAGE



PHOTO: CTTO FACEBOOK PAGE











PHOTO: CTTO FACEBOOK PAGE



PHOTO: CTTO FACEBOOK PAGE



# CORONAVIRUS

*(2019-Novel Coronavirus or 2019-nCoV)*

## MGA MAHAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA 2019-nCoV PARA SA MGA CALAMBEÑO

## ANO ANG CORONAVIRUS?

Ang **Coronaviruses** ay pamilya ng mga virus na nagdudulot ng sakit mula sa karaniwang sipon hanggang sa mas malubhang sakit tulad ng Middle East Respiratory Syndrome (MERS) at Severe Acute Respiratory Syndrome (SARS).

Ang **novel coronavirus** ay **panibagong strain** o uri ng coronavirus na hindi pa nakikita sa tao noon.

## Anu-ano ang mga sintomas na dulot ng NOVEL CORONAVIRUS (2019-nCoV)?

- **Ubo**
- **Sipon**
- **Mataas na lagnat**
- **Hirap sa Paghinga**

## Sa malulubhang kaso, maaari itong maging sanhi ng:

- **Pneumonia**
- **Acute respiratory syndrome**
- **Pagkamatay**

## May Gamot na ba sa NOVEL CORONAVIRUS (2019-nCoV)?

**Wala pang gamot o bakuna laban sa 2019-nCoV.**

## Nakakahawa ba ang 2019-nCoV ng tao sa tao?

Ayon sa kasalukuyang sitwasyon, may ilang coronavirus na maaaring maipasa ng tao sa tao **(human-to-human transmission)**.

Kadalasan ay nangyayari ito sa **malapitang pakikipagsalamuha** ng ibang taong mayroon nito, gaya ng sa bahay, trabaho o health facility.

## Paano kung mayroon kang sintomas ngunit hindi ka naman naglakbay sa China kamakailan o nakipag-ugnayan sa sinumang nanggaling mula sa China?

Kumonsulta agad sa pinakamalapit na health facility para sa **payo ng doktor at agarang lunas**.

Napapanahon din ang trangkaso ngayon kaya **alagaan ang sarili**.

## Ano ang maaari kong gawin para maprotektahan ang sarili laban sa 2019-nCoV?

- Ugaliin ang madalas na **paghuhugas ng kamay** gamit ang sabon at tubig.
- **Takpan ang bibig at ilong** kapag uubo at babahing gamit ang panyo o tissue.
- **Umiwas sa mga taong may lagnat, ubo at sipon.**
- **Siguraduhing malinis at naluto ng maayos** ang pagkain tulad ng karne at isda.
- Uminom ng **maraming tubig.**
- **Umiwas sa paghawak** ng mga hayop na maaaring apektado ng coronavirus.

## PAUNAWA

MAHIGPIT PONG IPINATUTUPAD ANG MANDATORY TEMPERATURE CHECK SA LAHAT PO NG PAPASOK NG ATING CITY HALL.
ITO PO AY ISASAGAWA NG ATING MGA HEALTH WORKERS.



INAASAHAN NAMIN ANG INYONG PAKIKIPAGTULUNGAN.
ANG KALUSUGAN NG BAWAT ISA AY ANG AMING PRAYORIDAD.

MARAMING SALAMAT PO!

IIPESO CALAMBA
Information, Investment Promotions & Employment Services Office

# KAYANG-KAYA PAG SAMA-SAMA

Nang pumutok ang Bulkang Taal, nagdulot ito ng malaking suliranin sa mga naninirahan sa ilang lugar sa Batangas at sa mga kalapit probinsya nito kasama ang Lungsod ng Calamba.

Labis na naapektuhan ang Barangay Bunggo, Mabato, Hornalan, at Barangay Canlubang na nawalan ng tubig at suplay ng kuryente. Mayroon pa rin mga evacuees mula sa parte ng Batangas ang pansamantalang nanirahan sa nabanggit na mga lugar. Sa tulong ng mga Kapitan ng Barangay at ng Pamahalaang Lungsod nabigyan sila ng temporaryong masisilungan.

Nakipag-ugnayan sa Calamba City Fire Station sa pamumuno ni FC/INSP Jeffrey M Atienza sina Mayor “Timmy” Chipeco at Sangguniang Panglunsod upang magsagawa ng pagrarasyon ng tubig at paglilinis sa mga lugar na higit na nasalanta dahil sa “volcanic ashfall”

Nakipagtulungan din ang Calamba Water District sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga Water Pumping Stations kung saan puwedeng umigib ng tubig ng walang bayad. Puspusan din ang ginawang paglilinis ng MERALCO sa mga insulators upang mapabilis ang pagkakaroon ng supply ng kuryente.


Namigay naman ng facial mask (N95 at surgical mask) sa mga Barangay ang Pamahalaang Lungsod upang maging proteksyon sa mga abo at masamang amoy na dulot ng pagputok ng bulkan. Nagkaroon din ng pagmomonitor ang City Disaster Risk Reduction Management (CDRRM)) , City Health Services Office at Calamba City Social Services and Youth Development Office (CSSYDO) sa mga evacuation centers upang malaman ang kalagayan ng mga evacuees at maibigay ang tulong na nararapat sa kanila.

Upang maiwasan ang pagkakasakit tulad ng ubo, sipon at lagnat namahagi Si. Dr. Adelino Labro at ang kanyang medical staff ng mga gamot kasabay ang pagbibigay ng mga paalala na kailangang manatili ang kalinisan para na rin sa kanilang kalusugan, ang tanggapan ng CSSYDO ay namigay ng relief goods. Patuloy naman ang ginawang paglilinis at pagtatayo ng mga tents ng tanggapan ng CDRRM.




Matapos matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga naapektuhan ng kalamidad lalo’t higit ang mga nasa evacuation centers minabuti ni Mayor Timmy na maglunsad ng OPLAN BAYANIHAN “SAMA-SAMANG PAGKILOS SA PAGLILINIS NG ATING KAPALIGIRAN”. Ang programa ay kinabibilangan ng mga naglilingkod sa Pamahalaang Lungsod, PNP, Bureau of Fire, 54 Barangays, Fire Bigades ng iba’t-ibang establisimiyento, mga Non-Governmental Organizations at iba pa.

Layunin nito ang sama-samang paglilinis sa mga kapaligiran, mga kalsada at mga paaralan upang magkaroon muli ng malinis at maginhawang kapaligiran ang lungsod. Lubos ang pasasalamat ni Mayor Timmy sa lahat ng nakiisa sa programa at sa lahat ng nagbigay ng tulong at suporta sa mga evacuations centers ng Barangay Punta, Hornalan, Bunggo, Burol, La Mesa, Paciano, Bucal, Canlubang , Saimsim, Makiling, Batino, Uwisan at Barangay Milagrosa at sa lahat ng nagpaabot ng tulong sa mga mamamayang Batangueno. *-Marivic D. Balba*



# KALINGANG RIZAL

Ang ating Vice-Mayor Ross H. Rizal, kaisa ng buong Sangguniang Panlungsod, ay personal na namahagi ng relief goods at kinamusta ang ating mga kababayang Calambeño at Batangueño na naapektuhan ng pagsabog ng Bulkang Taal at kasalukuyang nasa Lungsod ng Calamba.











*Sitio Balagbag Araw ng Barangay Canlubang at Barangay Mabato*
*Enero 19, 2020*







*Sitio Mangumit at Sitio Buntog ng Barangay Canlubang*
*Enero 23, 2020*





*Barangay Bunggo*
*Enero 28, 2020*




*Barangay Hornalan*
*Enero 28, 2020*








# I DO. I DO. ARAW NG PAG-IBIG

Pinag-isang dibdib ang 111 na mag sing-irog kasabay ng pagdiriwang ng Araw ng mga Puso noong 14 Pebrero 2020 sa Lungsod ng Calamba. Ang proyektong tinaguriang "I Do. I Do. Araw ng Pag-IBIG" ay Kasalang Bayan na hatid ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamumuno ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco sa pakikipagtulungan ng Pag-Ibig Fund.

Sa mensahe ni Mayor Timmy, binati nito ang lahat ng ikinasal. Aniya, "Ang kasalang ito ay hindi na sana matutuloy para sa seguridad ng karamihan dahil sa banta ng COVID – 19 na lubhang kinatatakutan sa buong mundo subalit itinuloy ko ito dahil gusto ko makasal kayo ngayong araw ng mga puso."

Nagbigay din ng mensahe si City Councilor Joey "Kuya Joey" Chipeco sa lahat ng ikinasal at inalala nito ang ideya ng kaniyang mommy na dapat engrande ang pag pasok ng mga ikakasal sa pamamagitan ng pagbaba sa hagdanan na mayroong nakalatag na red carpet at natutuwa ito sa kinalabasan ng ideya dahil kitang kita ang mga ngiti ng lahat ng ikinasal sa pagbaba ng hagdanan kasabay ng saliw ng mga awitin ni G. Orly San Diego.

Nagbigay din ng mensahe ng pagbati sa pamamagitan ng video si Pag-Ibig Fund Chief Executive Officer Mr. Acmad Rizaldy P. Moti, at Secretary Mr. Eduardo D. Del Rosario, Chairperson-Pag-Ibig Fund Board of Trustees and Chairman of Human Settlements and Urban Developments.

Binigyang-diin naman ni Pastor Ernie Cerezo ang nasusulat sa Bibliya na iiwanan ng lalaki at babae ang kanilang pamilya at magsasama bilang mag-asawa sapagkat sila ay pinag-isa na.

Nagbigay ng pagkain at regalo ang Pag-Ibig Fund Calamba sa pamumuno ni Mr. Morris Y. De Ramos, at nagkaroon ng raffle ng mga appliances at 20, 000 Kabuhayan Package. Rice cooker, plantsa at electric kettle naman ang iniregalo ni Mayor Timmy sa mga bagong kasal.

Ang Kasalang Bayan ay nagsimula pa noong 2011 sa pamumuno ni dating Mayor Joaquin M. Chipeco Jr. na ngayon ay kinatawan na ng Lone District ng Calamba sa pakikipag tulungan ng Pag-Ibig Fund Calamba. *-Joel Cabactulan*



# CIVIL REGISTRATION MONTH, IPINAGDIWANG

Bilang pagsunod sa Presidential Proclamation No. 682, series of 1991, na pinagtibay ni Presidente Corazon Aquino noong January 28, 1991 na nag-uutos na ang buwan ng Pebrero ay Civil Registration Month na ipagdiriwang sa buong bansa. Ang naturang selebrasyon ay naglalayon na patuloy na ipaalam sa mga tao ang kahalagahan ng pagrerehistro ng mga kaganapan sa kanilang buhay katulad ng kapanganakan, pagpapakasal, kamatayan at iba pa.

Ngayong taon ang tema ng naturang pagdiriwang ay: "Shaping CRVS by Embracing New Trends in the 4th Industrial Revolution (4IR)", madaming inihanda na proyekto at aktibidad ang Calamba City Civil Registry Office sa tulong ng ating kagalang-galang na Punong Lungsod Justin Marc SB. Chipeco.

Nagsimula ang pagdiriwang sa Flag Raising Ceremony noong 3 Pebrero.

Nagkaroon ng Free Mobile Registration sa Crossing Elementary School noong 7 Pebrero upang matulungan ang mga bata na wala pang rehistro. Mahalaga na may Birth Certificate ang mga bata sapagkat ayon sa Sec 3. ng Pesidential Decree No. 651, "Mula sa taong 1975, kinakailangan na mayroong Birth Certificate upang makapag enroll ang mga bata sa mga paaralan pampubliko man o pribado. Dumating ang mga magulang ng mga bata upang sila ay mairehistro.

Nagkaroon din ng seminar ukol sa kahalagahan ng Civil Registry Documents at libreng pamamahagi ng Certifications o Certified True Copies ang maaasahan ngayong buwan ng Pebrero.
*-Ma. Elaine Francisco*





# FARM BUSINESS SCHOOL PARA SA URBAN PRACTITIONERS INILUNSAD

Nitong nakaraang January 21, 2020 ay inilunsad ng Pamahalaang Panlungsod sa pamumuno ni Mayor Justin Marc SB. Chipeco, ang Farm Business School (FBS) sa Barangay San Cristobal. Ang FBS ay isang regular na programang isinasagawa ng City Agricultural Services Department (CASD) of Calamba na naglalayong magbigay kaalaman at pagsanay sa mga kalahok ukol sa pagnenegosyo ng mga produkto sa sektor ng agrikultura. Dinadaluhan ang pagsasanay ng mga urban practitioners, mga kasapi ng Rural Improvement Club (RIC), 4P's beneficiaries, at mga lider na magsasaka (City Agricultural and Fishery Council) mula barangay Barandal, Canlubang, Lawa, Mapagong, Mayapa, at Prinza, Real, San Cristobal, Barangay IV, at Barangay V. Samantala, pinangunahan ang pagsasanay ng mga tekniko mula sa CASD na kinabibilangan nila Ms. Julie Lanip, Ms.Margarita Hermano, Mr. Leo A. Gelisan, Ms. Sally Quilay at Ms. May Lyn J. Reyes. Ang pagsasanay ay ginaganap tuwing Martes sa Barangay San Cristobal at inaasahang matatapos ngayong Hulyo. *-Tessa Mar Espino*



# BUSINESS ONE STOP SHOP 2020 NG CALAMBA, GINANAP

Puspusan ang serbisyo ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa ginanap na Business One Stop Shop (BOSS) na nagsimula noong 2 January 2020 at nagtapos ng 15 Pebrero 2020 na may temang " Sa lahat ng pagkilalang ito, Handog ang mas masigasig na serbisyo."

Isa sa layunin ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco ang serbisyong mabilis na pag poproseso sa pagbayad ng business permits sa lungsod.

Ayon kay Business Permits, Tricycle Franchising Office (BPTFO) Head, Mr. Ibarra Encarnacion, "Challenge sa atin ang patuloy na pagbibigay ng kalidad na serbisyo dahil sa mga natanggap nating award bilang Most Competitive Component city for 2019, a 4-time National Awardee of Seal of Good Local Governance (2015, 2017, 2018 and 2019), and a Back-to-Back Finalist as Most Business-Friendly LGU." Payo ni Mr. Ibarra sa mga kukuha ng bagong business permit at renewal sa lungsod ay pumunta na sa kanilang tanggapan at dalhin ang ang kumpletong dokumento kagaya ng Barangay Clearance, City Fire Department, City Health Office at iba pang mga requirements. "Ang pagkakaiba lang ngayong taon ay dito na magbabayad ng Barangay permit ang ating mga business owners at hindi sa barangay hall. "Binibigay po sa atin ng batas na dapat po within three days ay ma-issue natin iyan. Basta kumpleto ang papeles sa amin, kami ho ay within the day dapat ma-issue namin ito

Nagbigay din ng paalala si Mr. Encarnacion na huwag makipag transact sa mga fixer ito ay kaugnay sa Anti Red-Tape Act at lumapit sa mga otorisadong empleyado ng kanilang tanggapan. *-Joel Cabactulan*



# DILG NAGBIGAY NG 75 DAYS PARA SA ROAD CLEARING OPERATIONS

Ito ang pahayag ni Ms. Jennifer Quirante, DILG City Local Government Operation Officer sa programang Radyo Calambeño. Ayon kay Ms. Quirante, dapat maalis ang lahat ng obstruction sa mga main road or inner roads ng barangay. Ito umano ay pagsunod sa direktiba ni President Rodrigo Roa Duterte noong nakaraang SONA sa Batasang Pambansa na bawiin ang lahat ng pampublikong kalsada na ginagamit sa pansariling interes at alisin ang lahat ng mga illegal na pagsakop ng easements at sidewalks sa buong bansa. Ipinaliwanag ni Ms. Quirante ang operation na ito ay pag sunod sa utos na ibinaba ng DILG sa lahat ng Lokal na Pamahalaan sa buong bansa. Aniya, ito ay continuation ng nasimulan na road clearing operation noong nakaraang taon.

Patuloy ang ginagawang pagmomonitor ng kanilang tanggapan sa tulong ng mga barangay officials para sa mahigpit na pagpapatupad ng road clearing para sa kaginhawahan at kaligtasan ng mamamayan. *-Joel Cabactulan*





# IKA -123 TAONG PAGGUNITA SA KABAYANIHAN NI DR. JOSE RIZAL

"Jose Rizal-Huwaran ng Pilipino sa Ikadalawampu't Isang Siglo" ang tema ng ika -23 taong kabayanihan ni Dr. Jose Rizal. Bilang paggunita sa dakilang bayani , ang Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamumuno ni Mayor Justin Marc "Timmy Chipeco, Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal at Sangguniang Panglunsod at Congressman Joaquin M. Chipeco Jr. sa pamamagitan ng City Tourism Office ay naghandog ng programa bilang parangal sa ating Pambansang Bayani.

Sinimulan ang programa sa pamamagitan ng sabayang pag-aalay ng bulaklak sa mga bantayog ni Dr. Jose Rizal. Dinaluhan ito ng iba't-ibang sangay ng pamahalaang lokal at nasyonal, mga samahang sibiko,mga paaralang pribado at pampubliko at mga establisimiyento sa ating lungsod.

Pagkatapos ng sabayang pag-aalay ng bulaklak nagtungo ang lahat sa Museo ni Dr. Jose Rizal para sa pinakatampok na programa kung saan nanguna sa pag-aalay ng bulaklak ang National Historical Commission. *-Joel Cabactulan*







# City of Calamba DIRECTORY 545-6789

OFFICE | LOCAL NO.

**MAYORS OFFICE** 8304 / 8305 / 8306

545-7887 FAX 8305 MO EXT 8225

**OSCA** 576-4963

## ATTY. JUSTIN MARC SB. CHIPECO

CITY MAYOR

## HON. ROSELLER H. RIZAL

CITY VICE MAYOR

**VMO** 8310 , 8311 , 8323

| | |
|---|---|
| **SANGGUNIANG PANLUNGSOD** | 8312 / 8240 |
| **HON. JULIAN EUGENE SB. CHIPECO** | 1048 |
| **HON. CHARISSE ANNE C. HERNANDEZ** | 8326 |
| **HON. MARIA VIRGINA A. ALCASID** | 8325 / 8239 |
| **HON. PURSINO C. ORUGA** | 8321 |
| **HON. SOLIMAN B. LAJARA** | 8317 / 8077 |
| **HON. ANGELITO S. LAZARO, JR.** | 8318 |
| **HON. SATURNINO J. LAJARA** | 8319 / 8800 |
| **HON. DYAN DV. ESPIRIDION** | 8324 / 8073 |
| **HON. LEEANNE P. ALDABE–CORTEZ** | 1037 |
| **HON. JUAN C. LAZARO** | 8320 / 8078 |
| **HON. JOSELITO G. CATINDIG** | 8322 / 8074 |
| **HON. DOREEN MAY F. CABRERA** | 1046 |
| **HON. LARRY O. DIMAYUGA** | 8316 |
| **HON. KENNETH P. DELAS LLAGAS** | 8315 |

**ACCOUNTING** 8202 / 8203 / 8204
**ADMIN** 8303
**AGRI** 8001 / 8002
**ASSESSOR** 8107 / 8108 / 8109
**BPTFO** 8100 / 8101 / 8102 / 8104
**BUDGET** 8205 / 8206
**BUILDING** 8030 / 8031
**CENRO** 8217 / 8218
**COOP** 8018 / 8019
**CPDO** 8208 / 8209 / 8210
**CSSD** (DSWD) 8226 / 8120
**ENGINEERING** 8211 / 8212 / 8214
**GSO** 8008 / 8007 / 8006/8207/8200
**HEALTH** 8015 / 8016
**HOUSING** 8020 / 8021
**HRMO** 8219 / 8220
**IIPESO** 8011 / 8012 / 8014
**ICT** 8005
**LEGAL** 8221 / 8222
**POPULATION** 8329
**POSO** 8024 /8025/ 8026
**REGISTRY** 8115 / 8116 / 8117
**TOURISM** 8331 / 8332
**TREASURY** 8110 / 8111 / 8112 / 8114
**VET** 8003 / 8004

---

**PNP** 8702 / 8700 / 8701
**BFP** 8601 / 8600
**CCC** (049) 545-0160/545-0555/502-0677
**CMDC** 306-0112 / 545-4384
**COA** 8215 / 8216
**COMELEC** 8017
**DepEd** 545-7331 / 545-5797 / 502-2520
**DILG** 8223 / 8224
**LANDBANK** 545-0177
545-0176 (CASHCARD)
**WATER DISTRICT**
545-1614 / 545-2863 / 545-2728 / 545-7895




kalan+banga ©denCepeda

# CALAMBALITA

## EDITORIAL BOARD

**AMOR A. LAYAO**
*Editor - In - Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Features Editor*

**MOISES ALCASABAS**
*Managing Editor*


*Staff Writers*
**RETCHIE PELIPADA, ANALIZA CERVANTES, JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN INFORMATION OFFICER NETWORK**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
*Lay-out Artist*

**RIKATHRINA "Kat" C. LANZANAS**
*Graphics Designer*

**MONTE OPULENCIA / DENNIS CEPEDA**
*Photographer*


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/





https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba




https://www.facebook.com/Cciolipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/

